# PITAK PAARALAN

## MGA KATAWAGANG PANGKABUHAYAN AT MGA KAURI
### ECONOMIC AND ALLIED TERMS
*Inihanda ng SURIAN NG WIKANG PILIPINO*

*duress* — pamimilit
*duty* — buwis
*effect binding* — sapilitang bisa
*ejectment* — pagpapaalis
*embargo* —pag-ilit; pagharang; embargo
*embezzlement* — paglustay
*eminent domain, right of* — karapatan ng pamahalaan sa pagbili ng ariariang pribado
*enactment* — pagpapatibay
*encumbrance* — pataw na sagutin
*entrapment* — pagpikot, pagsilo
*entry, unlawful* — pagpasok na labag, eskalamyento
*unlawful entry and detainer* — pagpasok na labag at pangaangkin
*equity* — katwiran, ekwidad
*escheat* — estsit
*espionage* — pang-iispiya, espiyonahe
*estafa* — istapa

*Ang Bulaklak, bilang babasahin sa mga paaralang-bayan ay pinagtibay ng Kawanihan ng mga Paaralang-bayan noong Nobyembre 19, 1951. (Bulletin No. 30, s. 1951)*

*estate* — ariarian
*real estate* — ariariang di-natitinag
*estoppel* — hadlang, istopel
*estoppel in pais* — istopel sa pamamagitan ng gawa
*estoppel by deed* — istopel sa pamamagitan ng kasulatan
*ethics, legal* — etika legal
*event fortuitous* — di-inaasahang pangyayari, kaso portuwito.
*evidence* — katibayan, ebidensiya
*circumstantial evidence* — di-tuwirang katibayan
*competent evidence* — katibayang tumpak sa batas, kompetenteng katibayan
*conclusive evidence* — katibayang panapos
*corroborative evidence* — katibayang pantulong
*cumulative evidence* — karagdagang katibayan

(ITUTULOY)

# ANG MAGKAPATID

BABASAHING PANG-MABABANG PAARALAN

INIHANDA NI ANTOLINA P. TEODORO
Guro sa BAMBANG ELEMENTARY SCHOOL



AKO AY SI NITOY.
AKO AY PITONG TAON NA.
AKO AY NAG-AARAL NA NGAYON.
AKO AY PALAGING NALILIGO.
AKO AY NAGLILINIS NG KAMAY BAGO KUMAIN.
AKO AY NAGSUSUKLAY NG BUHOK AT NAGSISIPILYO NG NGIPIN BAGO PUMASOK SA PAARALAN.



AKO AY NAG-AARAL SA PAARALAN SA AMING NAYON.
ANG GURO KO AY SI MISS GARCIA.
MARAMI AKONG KAMAG-ARAL.
LAGING MALINIS ANG AKING DAMIT SA PAGPASOK SA PAARALAN.
NAG-AARAL AKO SA UMAGA AT SA HAPON.
MADALAS SUMABAY SA AKIN SI PINING.
SI PINING AY AKING KAPATID.

ILAGAY ANG TAMANG SAGOT SA GUHIT:

1. SI NITOY AY ________ (BATANG BABAE, BATANG LALAKI)
2. SI NITOY AY NAGLILINIS NG ________ (PAA, MUKHA, KAMAY) BAGO KUMAIN.
3. SI NITOY AY NAGSISIPILYO NG ________ (BUHOK, NGIPIN, DAMIT) BAGO PUMASOK SA PAARALAN.
4. SI MISS GARCIA AY KANYANG ________ (GURO, KAPATID, KAMAG-ARAL)
5. SI PINING AY KANYANG ________ (KAIBIGAN, PINSAN, KAPATID)